Republic of the Philippines
# Department of Education
Region VIII
SCHOOLS DIVISION OF CALBAYOG CITY

**DIVISION MEMORANDUM**
**NO. 369, s. 2024**

TO: Asst. Schools Division Superintendent
SGOD/CID Chiefs
Education Program Supervisors
School Heads (Elementary/Secondary)
Unit/Section Heads
All Others Concerned

FROM: **MARGARITO A. CADAYONA JR. PhD., CESO VI**
OIC-Schools Division Superintendent

**AVELINA P. TUPA, EdD.**
OIC-SGOD, Chief
For the Schools Division Superintendent

DEPEd DIVISION OF CALBAYOG CITY
RELEASED
DATE: JUL 19 2024
BY:

SUBJECT: **REITERATION OF THE IMPLEMENTATION OF BRIGADA KALINISAN AND DENGUE PREVENTION CAMPAIGN**

DATE: July 19, 2024

1. As reported from the convergence of stakeholders conducted last Friday July 12, 2024, that there is a Dengue outbreak in some Barangays in our locality. Since our school are located within the Barangays of Calbayog City, SDO Calbayog City are enjoined to support in the conduct of Dengue prevention.


2. Relative to this, during Brigada Eskwela from July 24-27, 2024 in preparation for the opening of classes, and in our continuous effort to address the dengue virus and to promote safer and healthier schools for our learners, teachers and personnel, we would like to reiterate Division memorandum No. 170 s. 2015 dated October 30, 2015 titled "IMPLEMENTATION OF BRIGADA KALINISAN AND DENGUE PREVENTION CAMPAIGN".

3. Attached is the copy of Division memorandum No. 170 s. 2015 dated October 30, 2015 and Heath Advisory on Dengue, for your information and guidance in implementing a School-wide cleaning program as a preventive measure in combating dengue on any day during the School Year-round and during SDO Calbayog City Brigada Eskwela 2024.

4. Immediate dissemination of this Memorandum is desired.


CamScanner

# 5S DISKARTE kontra sa DENGUE



## 1 SEARCH & DESTROY

- Takpan ang mga sisidlan ng tubig at regular na palitan ang tubig sa flower vases
- Panatilihing malinis ang kapaligiran at itapon nang maayos ang mga maaring pamugaran ng lamok.

## 2 SELF-PROTECTION MEASURES

- Magsuot ng long pants at long sleeves, o kaya ay high socks kung kinakailangan.
- Gumamit ng angkop na mosquito repellant.

## 3 SEEK EARLY CONSULTATION

- Agad na kumonsulta sa mga health centers o pagamutan kapag nilalagnat sa loob ng 2 araw.

## 4 SAY YES TO MISTING WHEN THERE IS AN IMPENDING OUTBREAK OR A HOTSPOT

- Angkop na pagpapausok o misting sa mga lugar na may mataas na insidente ng Dengue.

## 5 SUSTAINED HYDRATION

- Panatilihin ang pag-inom ng oral rehydrating solution o paglalagay ng swero kung kinakailangan.



CITY HEALTH OFFICE
CALBAYOG CITY

HEALTH ADVISORY

# DENGUE



## MAG 4S KONTRA SA DENGUE

### SEARCH & DESTROY



A. Ginbibiling an mga bonayan san lamok nga Aedes ug an iya mga pugaran.
B. Gin papaawas an mga biaw nga tubig
C. Ginlilimpyahan an hawan ug ginlalabog an ngatanan nga mga bagay nga pwede mabiawan san tubig para an bonay magin wotok
D. An paglimpya in bubuhaton kada 12 diaz o adlaw

### SELF PROTECTION MEASURES



Para diri kit makagat san lamok pwede kit gumamit mga pamaagi nga diri magpapahapon san lamok sa aton panit mao an, insect repellent, moskitero, pajama, permethrine paint sa bungbong, screen sa purta ngan bintana, olysset net.

### SEEK EARLY CONSULTATION



Kun an doktor nagsuspetcha gud nga Dengue fever an usa nga may dengue kinahanglan magpa LAB sa ika duha ka adlaw tikang san pagtikang san harumuhom.

Kinahanglan sulod san 3 ka adlaw tikang san pag harumuhom, naka desisyon kun OPD management o hospital admission.

### SAY YES TO FOGGING ONLY DURING OUTBREAK



Matugot sin pagspray o fogging kun an barangay nasulod san mga basehan para mag fogging nga ginmamando san DOH.

CITY OF CALBAYOG OFFICIAL SEAL

Republic of the Philippines
Department of Education
Region VIII
**DIVISION OF CALBAYOG CITY**
Calbayog City

October 30, 2015

Division Memorandum
No. 170 s. 2015

**IMPLEMENTATION OF BRIGADA KALINISAN AND DENGUE PREVENTION CAMPAIGN**

To: All Secondary School Heads
All District Head
All Elementary School Heads

1. In our continuous effort to address the dengue virus and to promote safer and healthier schools for our students, teachers and personnel, the Department of Education (DepEd) together with the Department of Health (DOH) and the Department of Social Welfare and Development (DSWD) has collaborated on several school-based initiation that aim to promote Dengue preventive and control measures throughout our schools.

2. Per DepEd memo from Central Office, all Schools are instructed to implement a school-wide cleaning program as a preventive measure in combating dengue on any day from 2-8 November 2015.
   a. Ensure that all school facilities have been thoroughly cleaned (including nstagnant water in canals and gutters etc.)
   b. Selected schools shall install ITCs/ITs ( insecticide treated screen) over classroom windows through the assistance of local DOH and DSWD focal persons.
   c. Engagement of stakeholders (Parents, barangay leaders, etc.) in the said activity is highly encouraged.
   d. All schools are likewise instructed to provide reports on the implementation of the cleaning program to their respective Schools Division Offices.

3. For your easy reference , a checklist on dengue preventive steps is attached. Other informational and campaign materials may also be accessed at: www.deped.gov.ph/infographics/anti-dengue-campaign

4. Immediate dissemination of this memorandum is desired.

**RAUL D. AGBAN, Ed.D.**
Actg. Asst. Schools Division Superintendent


CamScanner

## Ang Color Coding ng Dengue

ay nagpapakita ng mga dapat gawin ng mga pinuno at mga mamamayan ng isang barangay upang labanan at masugpo ang Dengue. Ito ay may apat (4) na kulay na may kani-kaniyang pagpapaliwanag.

| | | |
|---|---|---|
| **Walang kaso o biktima ng Dengue** | Puti (white) | *Magbigay kaalaman tungkol sa Dengue at kung paano ito maiwasan. Mag-"Search & Destroy" ng mga breeding places ng lamok.* |
| **May 2 o mahigit pang kaso ng Dengue sa isang barangay** | Berde (green) | *Palawakin ang pagbibigay-impormasyon at kampanya laban sa Dengue. Bigyang diin ang mga sintomas at ang maagang pagkonsulta sa doktor kung may lagnat na nang dalawang araw. Pagtulungan ang paglilinis ng kapaligiran. Tiyaking wala nang maaaring pamugaran ang lamok. Umpisahan ang pagbabantay (surveillance) sa mga taong may sakit na Dengue sa barangay at ipaalam ito sa pinaka-malapit na health center.* |
| **HOT SPOT**<br>Ang isang lugar ay itinuturing na HOT SPOT kung may pagtaas ng bilang ng kaso ng Dengue sa loob ng tatlong sunud-sunod na linggo, kahit na ang bilang na ito ay nasa inaasahang dami pa. | Dilaw (yellow) | *Ipagpatuloy ang mga nabanggit nang mga dapat gawin at higit pang bigyang diin ang maagang pagkilala ng mga sintomas at ang kahalagahan ng agad na pagkonsulta sa doktor kung may lagnat na nang dalawang araw. Agad ring ipaalam sa pinakamalapit na health center ang mga karagdagang bilang ng may sakit na Dengue.* |
| **OUTBREAK**<br>Maituturing na may OUTBREAK sa isang lugar kung ang bilang ng kaso ng Dengue ay mas marami sa inaasahan. | Pula (red) | *Pag-ibayuhin ang mga ginagawang kampanya laban sa Dengue at iba pang nabanggit nang mga aksyon upang mapigil ang paglaganap ng Dengue sa barangay. At makipag-ugnayan sa City o Municipal Health Officer para sa tamang paraan ng pagpapa-fogging.* |

# Isang Primer
## Tungkol sa Dengue




Department of Health
Philippines

**ToDOH LABAN SA DENGUE!!!**
A Primer on Dengue


2008
Manila, Philippines

Printed by the
Department of Health

Funded by the
Asian Development Bank

In partnership with the
Pacific Rim Innovations and Management Exponents, Inc.

# HETO NA ANG DENGUE!!!



Ang Dengue ay isang lumalalang suliraning pangkalusugan sa buong mundo lalo na sa mga bansang ang klima ay tulad ng sa Pilipinas.

Sa kasalukuyan, may 2.5 bilyong katao sa mundo ang nanganganib sa sakit na ito. Sa may 100 milyong kasong naitatala taun-taon, 5% ang namamatay. Sa Pilipinas, 167 ang namamatay sa halos 15,000 kaso.

Pinaniniwalaang ang paglala ng sitwasyon ay sanhi ng kawalan ng plano, hindi makontrol na paglaki ng populasyon, suliranin sa polusyon, pagbabago ng panahon at kakulangan ng partisipasyon ng mga tao sa komunidad.

Kung hindi tayo kikilos at magtutulong-tulong sa pagsugpo sa Dengue sa lalong madaling panahon, maaasahan natin ang higit na pagtaas pa ng bilang ng kaso at ng mamamatay sa Dengue!

Ang babasahing ito ay inihanda ng Department of Health para sa ating mga kabarangay upang magkaroon ng kaalaman kung paano natin sama-samang susugpuin ang Dengue.






## ANO BA ANG DENGUE?

Ang Dengue ay isang sakit na naisasalin sa tao sa pamamagitan ng kagat ng babaeng lamok na Aedes na may dalang dengue virus (infected female Aedes Mosquito).

## PAANO NABUBUHAY AT LUMALAKI ANG LAMOK NA AEDES?









Sa normal na kundisyon, ang itlog ay magiging kiti-kiti sa loob ng 2-3 araw.







Sa init na 27°C, ang Aedes ay mananatiling kiti-kiti sa loob ng 7 araw, 8-13 araw naman kung mas mainit ang panahon.





Natatapos ang metamorphosis ng lamok na Aedes sa loob ng 10-12 araw, mula sa pagiging itlog, kiti-kiti (larva), pupa hanggang sa ito'y maging isang ganap na lamok.





## ANU-ANO ANG MGA KATANGIAN NG LAMOK NA AEDES?

- buong araw na pangangagat na dumadalas 2 oras pagkasikat at 2 oras bago lumubog ang araw (day-biters)
- namamahay sa madilim na lugar
- nangingitlog sa malinaw na tubig



### MGA KARAGDAGANG IMPORMASY

### TUNGKOL SA LIFE CY NG LAMOK NA AEDE

**Itlog**

- *Bilugan*
- *Makapal ang balat*
- *Maaaring mabuhay nang 8-9 na buw*

**Kiti-kiti**


- *Hugis panhaba*
- *Maliliksing lumalangoy sa tubig*
- *Indikasyong matagal nang nakaimba ang tubig*

**Pupa**

- *Huling "stage" sa life cycle ng Aedes bago maging ganap na lamok*
- *Hindi na ito lumalangoy maliban lang kung ito'y nagugulat o naiistorbo*

**Pagiging ganap na lamok**

- *Mula sa pagiging pupa, ito ay maging ganap na lamok*
- *Pagkaraan ng 24 oras, ang babae at lalaki ay maaaring nang mag-"mate"*
- *Makalipas ang 72 oras o 3 araw, ang babaeng lamok ay mangingitlog sa malinaw na naimbak na tubig*
- *60-100 ang kaniang itlog*
- *Ang babaeng lamok lamang ang nangangagat at maaaring magsalin ng Dengue virus*



MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON

## TUNGKOL SA LAMOK NA AEDES


- pagkatapos ng bawat blood meal, sila ay nangingitlog
- mainit na balat ang mas gusto nilang kagatin
- mas tawag pansin din sa kanila kung gumagalaw ang biktima nila. Kaya ingat ang malilikot na batal
- karaniwan silang umaatake o kumakagat mula sa gilid o likod ng tao
- sila ay namamahay sa madidilim na lugar
- sila ay nakalilipad sa layong 50-300 metro mula sa pinangitlogan o breeding area
- mas dumarami ang lamok na Aedes tuwing tag-ulan
- tumatagal ang kanilong buhay mula 20-30 araw



Mula unang kagat ng lamok na Aedes sa taong may dalang Dengue virus...

buong buhay na siyang Dengue virus-carrier

Siya'y muling mangangagat at mangingitlog tuwing ikatlong araw.



Ang Dengue ay nakamamatay.
At maaaring magka-Dengue ang sinuman,
bata man o matanda, mahirap o mayaman.
Kung kaya't kailangan ang sama-samang
pagkilos at kooperasyon ng buong barangay
upang maging matagumpay
ang ating pagsisikap na labanan at
sugpuin ang Dengue!



## MAG-4S TAYO LABAN SA DENGUE!

**Search and destroy**

Palitan ang tubig sa plorera minsan sa isang linggo
Linisin ang alulod ng bubong ng bahay
Linisin ang loob at labas ng timba at iba pang ipunan ng tubig
Siguraduhing walang natirang tubig ang ilalim ng lalagyan ng plato at refrigerator
Takpan ang lahat ng drum at iba pang ipunan ng tubig
Itaob ang lahat ng hindi ginagamit na imbakan ng tubig

**Seek immediate consultation**

Kapag dalawang araw nang nilalagnat agad na kumunsulta sa doctor


**Say "NO" to indiscriminate fogging**

Say "YES" only during an outbreak or epidemic

**Self-protection measures**

Gumamit ng insect repellant
Magsuot ng long-sleeved shirts





# Mga Sintomas o Palatandaan ng sakit na Dengue

mataas at tuloy-tuloy na lagnat na tumatagal ng 2-7 araw (high continuous fever that lasts for 2-7 days)

pamumula ng balat sanhi ng mataas na lagnat (skin flushing)









pagdurugo ng ilong o gilagid (hemorrhagic manifestation or bleeding of nose and/or gums)

walang ganang kumain (loss of appetite)

pagkahilo at pagsusuka (nausea/vomitting)



## Totoo nga ba na...

Mali. Apat na beses pwedeng magkasakit ng Dengue ang isang tao dahil mayroong apat na klase ng Dengue virus.

Mali. Ang tanging paraan kung paano tayo maaaring mahawa ng Dengue ay sa pamamagitan ng kagat ng babaeng lamok na Aedes na may Dengue virus (infected female Aedes mosquito).

Mali. Hindi ito mabisang paraan ng pag-iwas sa Dengue dahil hindi nito pinapatay ang mga lamok.

Mali rin. Hindi lamang nito itinataboy ang mga lamok, kaya rin nitong patayin ang mga lamok kung tama ang pamamaraan ng paggamit nito. Dapat mag-fogging kung may outbreak lamang. Ang tamang oras ay sa peak biting time.



CamScanner